

## Paano kukunin ang mga resulta ng iyong pagsusuri para sa COVID-19



Tatlo ang paraan ng pagkuha ng iyong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19:

1. Sa pamamagitan ng naka-personal na QR Code
2. Sa pamamagitan ng Portal ng mga Resulta
3. Sa pamamagitan ng mensaheng SMS na ipinadala sa iyong mobile phone

### **Pagkatapos ng iyong pagsusuri, kailangan mong ihiwalay ang iyong sarili hanggang matanggap mo ang iyong mga resulta.**

- Dumiretso sa bahay at ihiwalay ang iyong sarili maliban kung iba ang ipinapayo ng NSW Health.
- Manatili sa bahay hanggang makuha mo ang iyong resulta, kahit na wala kang nararamdamang anumang sakit.
- Karamihan sa mga tao ay tumatanggap ng kanilang mga resulta sa loob ng 24 na oras.

### **Opsyon 1: Naka-personal na QR code**

Kung binigyan ka ng flyer na mayroong nakapersonal na QR code (na may pangalan mo at petsa ng kapanganakan sa ilalim nito) nang ikaw ay sinuri, mangyaring i-scan ang QR code na ito gamit ang camera ng iyong mobile phone at pindutin ang 'send'.

Ang QR code na ito ay naglalaman ng iyong mga personal na detalye. Hindi ito magagamit ng iba.

### **Opsyon 2: Online na Portal ng mga Resulta**

- Bisitahin ang website na <https://my.pathology.health.nsw.gov.au>
- Hihilingin sa iyo na i-enter ang numero ng iyong mobile phone at pagkatapos ay i-click ang asul na button. TANDAAN na ang country code ay nagsasabing +61 na para sa Australya. Kung gumagamit ka ng internasyonal na telepono, kailangan mong baguhin ang country code na +61 at ilagay ang country code na ginagamit ng iyong telepono.
- Padadalhan ka ng code sa iyong mobile phone. Ilagay ang code na ito sa website kung saan nakasulat ang 'passcode' pagkatapos ay i-click ang asul na button.

TANDAAN: Kung ito ang unang pagkakataon na binisita mo ang online na Portal ng mga Resulta, kailangan mong i-enter ang ilang karagdagang impormasyon.

- I-click sa 'Tingnan ang mga Resulta' at kailangan mong i-enter ang:
  - Iyong unang pangalan
  - Iyong apelyido
  - Iyong petsa ng kapanganakan
  - Ang postcode ng iyong tirahan
  - Ang iyong kasarian - halimbawa, lalaki o babae o iba pa

- Petsa ng koleksyon - ito ang petsa kung kailan ka nagpasuri
- Ang iyong numero ng Medicare kung mayroon ka nito. Kung wala ka nito, iwan lamang itong blangko.
- I-click ang asul na button sa itaas na nagsasabing, 'Pumili ng sentro ng koleksyon' at hanapin ang lugar kung saan ka nagpasuri para sa COVID-19. Bukod sa mga sentrong pinamamahalaan ng NSW Health, mayroon ding mga sentrong independyente. Kung pipili ka ng isang lugar na hindi pinapatakbo ng NSW Health Pathology, ang website na ito ay magbibigay sa iyo ng impormasyon kung paano makikipag-ugnayan sa klinika para sa iyong resulta.
- Upang makita ang iyong resulta, i-click sa 'Tingnan ang Mga Resulta'.
- Hihilingin sa iyong i-type ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan sa anyo na DDMMYYYY, halimbawa, 01051971.
- Magagawa mong ma-access at ma-download ang kopya ng iyong resulta ng pagsusuri para sa COVID.

### Opsyon 3: Tumanggap ng SMS

Kung hindi mo ma-access ang online na portal ng mga resulta, maaari mong matanggap ang iyong resulta sa pamamagitan ng SMS sa iyong mobile phone.

- I-text ang mga salitang 'aking resulta' sa 0480 050 030
- Kapag na-prompt, paki-SMS ang sumusunod na impormasyon:
  - Ang iyong apelyido.
  - Ang iyong petsa ng kapanganakan gamit lamang ang mga numero - DDMMYYYY. Halimbawa, 01012000
  - Kung ikaw ay nagrerehistro para sa isang bata, hihilingin sa iyo na kumpirmahin na ikaw ang magulang o tagapag-alaga at maaaring gumawa ng mga desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan ng bata. I-text ang Oo para kumpirmahin.
  - Ang iyong kasarian bilang M para sa lalaki, F para sa babae o O para sa iba.
  - Ang iyong postcode, (halimbawa 2114)
  - Ang petsa kung kailan ka nagpasuri para sa COVID-19 bilang DDMMYYYY, halimbawa, 01052021
- Suriin ang iyong mga detalye at i-type ang salitang Yes kung tama ang mga ito. Kung nagkamali ka, i-type ang No upang magsimulang muli.
- Kapag tapos ka na, makakatanggap ka ng mensahe na nagsasabing, '**Natanggap na ang iyong pagpaparehistro**'.
- Makakakuha ka rin ng passcode na kailangan mong i-type para makuha ang iyong resulta.
- Kapag handa na ang iyong resulta, makakatanggap ka ng mensaheng SMS na hihilingin sa iyong i-type ang salitang 'Ready' (Handa) at ang iyong passcode.
- Ang resulta ay ipadadala sa iyong telepono

### Kailangan mo ba ng tulong?

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng iyong resulta at ito ay mahigit nang 48 oras, maaari kang mag-follow up sa pamamagitan ng aming website na <https://www.pathology.health.nsw.gov.au/covid-19-info/covid-19-results-direct>

### **Ano ang mangyayari kung ang resulta ng aking pagsusuri ay nagpapakita na mayroon akong COVID-19?**

Kung ang iyong pagsusuri ay nagpapakita na ikaw ay may COVID-19, at ikaw ay nakarehistro para matanggap ang iyong resulta sa pamamagitan ng isa sa mga opsyong ito, makatanggap ka ng isang SMS na nagsasabi sa iyo na ang iyong resulta ay makukuha sa pamamagitan ng Portal ng mga Resulta, kasama ng higit pang impormasyon tungkol sa paghihiwalay ng sarili.

Makikipag-ugnayan din sa iyo ang mga tauhan mula sa iyong lokal na pangkat ng Pamublikong Pangkalusugan.

**ABISO SA KOLEKSYONG PRIBADO:** Nangongolekta ang NSW Health Pathology ng impormasyon para sa layuning ipaalam sa mga pasyente ang kanilang mga resulta ng pagsusuri para sa COVID-19. Ang impormasyong ito ay karaniwang ginagamit sa loob ng NSW Health gayunpaman maaari rin itong ibahagi sa ServiceNSW para sa layunin ng pag-abiso sa pasyente ng mga resulta. Ang mga indibidwal ay may legal na karapatan sa pag-access ng impormasyong hawak ng ahensya ng gobyerno tungkol sa kanila. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.pathology.health.nsw.gov.au/about-us/privacy](http://www.pathology.health.nsw.gov.au/about-us/privacy). Ang maaaring mga kahinatnan ng mga indibidwal na hindi nagbigay ng lahat, o bahagi, ng impormasyon na hiniling ay maaaring magresulta sa hindi pagbibigay ng NSWHP ng mga resulta ng pagsusuri sa mga pasyente.